


SPECIAL PROGRAM IN THE ARTS

# Creative Writing

## QUARTER 4 MODULE 4

BERNARDO MIGUEL O. AGUAY JR.

## CONTENT STANDARDS:

Demonstrates understanding of how a written work is trans-created into different genres.

## PERFORMANCE STANDARDS

Performs poetry reading and storytelling using materials formerly crafted using another literary genre


## MOST ESSENTIAL LEARNING COMPETENCIES

1. trans-creates selected literary works into different genres. WEEK 1-4 SPA_CW-CP9-Iva-c-1
2. creates his/her original literary works WEEK 5-8 SPA_CW-CP9-IVd-g-2

## Lesson – Week 1-4

## Written Works Transcreated into Different Genres

In the previous three quarters, you have explored the different genres in creative writing. You have learned how notable writers write poetry, fiction, creative non-fiction, scripts for stage and novels. In Quarter 3, you started exploring the possibility of translating one's work by the technique of translation and transcreation. In this Quarter, you will encounter more writing exercises transcreating one literary genre to several other genres.



## WHAT I NEED TO KNOW

This lesson was designed and written with you in mind challenged by several circumstances in the society where you belong. It is here to help you understand Creative Writing as one of the components of Specil Program in the Arts. The scope of this lesson permits it to be used in many different learning situations. The language used recognizes the diverse vocabulary level of students and you are beng encouraged to write in the anguage you are most comfortabl with. The lessons are arranged to follow the standard sequence of the course about Written Works Transcreated into Different Genres.

After going through this lesson, you are expected to:

1. transcreate one's written work into different genres
2. demonstrate understanding on how transcreation is written with faithfulness in the content
3. show sense of Filipino identity in the transcreated works

## WHAT I KNOW

Poetry – this genre consists of writing that follows meter and rhythm for every line written. Another feature of the poetry genre is that writing is organized into schemes such as stanzas, meter, and/or rhyme. Subgenres of poetry include epic poem, narrative, romantic, dramatic, and lyric.

Drama – this is a type of literature that is meant to be performed in front of an audience. Subgenres of drama include comedy, tragedy, and tragicomedy.

Prose – the prose genre of literature consists of complete sentences organized into paragraphs. Prose writing is focused around telling a story consisting of characters and a plot. Prose subgenres include fiction and non-fiction.

Fiction – this literary genre consists of writing that is not real. Often, fiction writers rely on the complexity of figurative language in order to create completely untrue events, characters, and settings which stimulate readers' imaginations.

Nonfiction – the nonfiction category is a genre in which writing ranges from academic papers to creative works. Nonfiction can be used to inform and it can also be used to tell a narrative story, like in an autobiography or memoir.

## WHAT'S IN

Read and analyze this narrative poetry published in TULAKARATULA written by Mr. Bernardo O. Aguay Jr. to find out how the style of writing this poem can be an introduction to transcreating one genre to another literary genre.

*Almusal*

*Isang dula ang almusal. Ako ang tauhan at ang nanay.*
*Ibibigay ng manunulat ang lahat ng linya kay nanay*
*samantalang iniibig ko ang pagkaitan ako ng sagot.*

*Isang magaspang na mesa at bangko ang props*

*at ilang hand props ang ipapatong sa mesa tulad ng plato,*
*kutsara, tinidor, sinangag, tuyo o kung may salapi ang producer*
*papalaring mangitlog ang manok o may pinalangoy na karne sa salitre*
*o nilasing na tapa sa pampapait na usok.*

*Korteng tatsulok ang blocking ni nanay samantalang ako ay inapo ni Buddha*
*sa bangko--tanging paa, kamay at bibig lamang ang gumagalaw.*

*Walang mamahaling ilaw na may dimmer switch.*
*Pakikirutin lamang ng usok ang matamula sa sinisigbong apoy*
*at ilang hilera ng pahilig na sinagang tatagos*
*mula sa bubong na pawid na binutas-tudla  ng tag-ulan.*

*Sa pagkaubos ng linya ni Nanay,*
*naghihingalo na ang pagkain sa pinggan ko.*
*Ang huling eksena,isa-isa kong sisikwatin ng toothpick*
*ang mga tingang sagabal sa pagngangalit ng bagang.*

*Si nanay, may planong mag- adlib*
*palibhasa wala si direk*
*at pinaglalamayan na ang manunulat.*

## Activity 1. Dyad

Instruction: Discuss in pair how Drama becomes part of this poetry. Discuss the posibility of writing this narrative poetry into a drama and vice versa. Report your answer to the class. For students in the ADM, write your answer on apieace of paper.


/

## WHAT'S NEW

Below is an excerpt of the play Parasagin-sagin (Impersoneytor) written by Buboy Aguay. This play in Bikol language is one of the five plays that won NCCA Writers Prize in 2017. Read the script in Bikol and its translation in Filipino.

***PAOLO:***
*(Matindog) Kun dai ko aram kutana pagbukas ko pa sana kan ilaw nagkurahaw na kuta akong "Parahabon! Parahabon!" o kaya pinukpok ta ka sa payo kan karatulang ini tapos pagtumba mo buburibudan ta ka nin masking tape dangan…(Masurat sa kapidasong karton) gigibohon ko ini. Dangan bobotongon ta ka sa luwas, duman sa*

*aponan basura saka ko iwawalat an karatulang ini na pinakatrending ngunyan, (Ipapahiling an karatula) "Pusher Ako". Pak. Ganern!*

*PAOLO:*
*(Tatayo)Kung hindi ko alam, e di sana, pagbukas mo pa lang ng pinto ay nagisisigaw na sana ako ng "Magnanakaw! Magnanakaw!" O kaya ay ipinukpok ko saiyo ang karatulang ito…tapos, pagtumba mo, babalutin kita nitong packing tape… tapos ay hihilahin kita diyan sa labas, diyan sa may basurahan at iiwanan ko ng karatulang pinaka trending sa administrasyon ni Duterte "Pusher Ako". Pak. Ganern!*

You have learned translation in Quarter 3. You have an idea that in order to make translation faiithful to its original document, the translator must possess wide range of vocabulary, must understand the nuances of language and the culture.

Parasagin-sagin or Impersoneytor is a script for stage. From that excerpt you will analyze the following poem written by Buboy Aguay. Try to find out if this poem is tackling the same topic, time and narrative of that excerpt.

***Pukot ng packing tape***
*Ni Buboy Aguay*

*Ang kanyang ulo, leeg,*
*at katawang sabay na*
*pinuluputan. brief lang*
*ang saplot pambaba*
*bakas ang tuyong ihi,*
*dugo at putik sa hita*
*tuklap ang tagiliran*
*tinamaan ng 4 na bala*
*wala halos pagkakaiba*
*ang balat ng tao sa tape*
*kapag rinatrat ng bala*
*ang gaspang, ang salat,*
*ang amoy, ang sangsang.*
*isang iglap nawala doon*
*ang katawan ng kuya*
*walang bakas ng tattoo*
*ipinaukit niya't alay sa bunso*
*wala na lahat, wala na ang kuya*
*naisip ko tuloy, sa Pinas, ngayon*
*tokhang na ba ang bagong porma ng laya?*

## Activity 2. CLOSE ANALYSIS

Instruction: Complete the graphic organizer bbelow:

| | TIME | SETTING | CONGRUENT LINES | MESSAGE |
|---|---|---|---|---|
| IMPERSONEYTOR | | | | |
| PUKOT NG PACKING TAPE | | | | |
| | | | | |



## WHAT IS IT

Supported by the graphic organizer that you have filled out, do you think one genre can be transformed into another genre?

## Activity 3. SHORT STORY TO POETRY

Instruction: Read the Short Story below. Identify the theme or message. Write a poem out of it.

***Pulang Lobo***
*Ni Buboy Aguay*

*Nakatanaw na naman sa may bintana ng kanilang dampa si Miting. Malapit na kasi ang Pasko. Tatlo ang dahilan niya para magsaya. Una, kaarawan ni Hesus ang Disyembre 25. Nagsasaya ang buong Kakristiyanohan. Pangalawa, kaarawan din niya. Nagsasaya ang kanyang pamilya. Pangatlo, tuwing kaarawan niya, umuuwi ang kanyang tatay. Iyon ang nagpapasaya sa kanya lalo.*

*Pero malabo yatang mangyari ang pagsasayang ito ngayong taon. Ang buong mundo kasi ay nagluluksa dahil sa mga biktima ng pandemya. Maraming buhay ang pumanaw. Naghigpit din ang seguridad sa lugar nila dito sa liblib na nayon kung saan sila nakatira. Mas lumala pa kasi ang hidwaan ng mga sundalo at mga rebelde. Bagay na pinagtataka ni Miting sa kanyang murang isipan. Kung bakit kailangang nagpapatayan ang kapwa mga Pilipino. Rebelde laban sa mga sundalo at pwersa ng gubyerno. Sa murang gulang kasi ni Miting, naisip niya magkakalahi naman ang mag ito. Bakit nag-aaway?*

*Malayo pa, tanggap na ni Miting na hindi makakuwi ang kanyang tatay.*

*Kaya kaninang umaga, pagkagising niya ay mataimtim siyang umusal ng panalangin. Humiling siya ng regalo mula kay Baby Jesus. Regalong simbolo ng kanyang pagdiriwang ng ika-pitong taong gulang. Isang pulang lobo ang kanyang hiling. Sa kanya, ang isang pulang lobong ito ay magpapahiwatig na ligtas ang kanyang tatay. Ang pulang lobo ring ito ay mangangahulugan na  may pag-asa pang darating; paghilom ng mga sugat na likha ng pandemya sa isipan at damdamin ng mga tao. Higit sa lahat, ang pulang lobong ito ay magpapatunay na may Diyos na nakikinig sa kanyang panalangin; sa ating mga panalangin.*

*"Miting, anak. Akala ko ba ay mamimitas ka ng mga bunga ng Pili sa likdo-bahay natin para maisahog ko sa munting kakanin na ihahanda natin sa kaarawan ninyo ni Jesus?" tanong ng kanyang Nanay.*

*Biglang sumigla ang mukha ni Miting nang maalala na magluluto nga pala ang kanyang Nanay ng paborito niyang kakanin na may kasamang pili. Mabilis niyang isinukbit sa leeg ang tirador ng kanyang tatay, mabilis na kinuha ang basket na sisidlan ng bunga ng pili at patakbong tinungo ang kakahuyan sa kanilang likod bahay.*

*"Sige, nay. Babalik lamang ako kaagad kapag nakapitas na ako." Pasigaw nitong sabi sa ina.*

*Agad na hinanap ng mata ng bata ang medyo mababa lamang na puno ng pili na hitik sa bunga. Agad niyang nahagilap ang panungkit at mabilis na nangalawit ng mga abot ng kanyang panungkit. Habang nililigid niya ang mayabong na puno ng pili ay biglang namulagat ang kanyang mga mata sa nakita. May nakasabit na lobo sa dulo ng mga dahon. Isang pulang lobo!*

*Hindi maipinta ang tamis ng ngiti at kislap ng mata ni Miting nang makita ang pulang lobo.  Para sa kanya, nakinig ang Diyos sa kanyang panalangin. Heto na ang sagot ng Diyos sa kanyang hiling. Mabilis niyang sinungkit ang lobo ngunit sa kasawiangpalad ay hindi ito abot ng panungkit. Noon niya naisip na gamitin ang tirador ng kanyang tatay. Dahil wala siyang mahagilap na maliliit na bato, naisip niyang bunga na lamang ng pili ang gamitin.*

*Unang tira, lagpas. Hindi tinamaan ang lobo. Pangalawang asinta, kapos! Naglagos lamang ang bala ng tirador sa mga dahon. Pangatlong tira, sapol! Tinamaan ang lobo. Pumailanlang ito sa itaas at sinabayan pa ng hanging habagat kaya sa halip na bumaba ang lipad nito ay lalo pang lumayo kay Miting. Mabilis na sinundan nga mata ni Mitng ang babagsakan ng pulang lobo.*

*Sa di kalayuan nga ito bumagsak sa may burol na nakukumutan ng makapal na damong gogon. Patakbong tinungo ni Miting ang binagsakan ng lobo. Tanaw niya ang kalahating bahagi ng lobo na hindi lumubog sa damuhan.*

*Hirap ang batang si miting dahil matatas ang damo ng gogon. Nagkakasugat sugat ang kanyang paa sa talim ng dahon ng damo, ngunit ilang dipa na lamang ay maaabot na niya  ang lobo. Malapit na. Sa wakas, narating nya ang kinaroroonan ng lobo. Iginawgaw niya ang kanyang mga mga braso upang maabot ang lobo . nahawakan niya ang mabilog na lobo ngunit bahagya lamang. Dahil biglang lumakas ang hanging habagat at muling inilipad ang lobo palayo.*

*Nanlumo si Miting. Higit na layo ang binagsakan ng lobo sa kabilang ilog na nasa paanan ng burol. Wala siyang magawa, kundi tingnan ang bahaging kanina ay binagsakan ng lobo. Nahwakan na niya. Abot-kamay. Nahipo na. Kumawala pa. Walang magawa si Mitin kundi haplusin ang damong ialang sandali ring naging tahanan ng lobo. Nagulat siya nang biglang may humawak sa kanyang kamay mula sa ibaba ng damuhan. May isang lalaking nakabulagta sa silong nga mga damo. Sugatan. Halatang galing sa isang engkuwentro.*

*"Tay?"*

*"Miting, anak."*

*Parang bukal ng tubig ang mata ni Miting nang makita ang kanyang ama.*

*"Tatay ko!" sabay yakap sa ama.*

*"Uuwi na ang tatay, anak. Hindi ka na muling iiwan ng tatay."*

*Wakas*

Write a free verse poem of not less than 15 lines and nt more that 30 lines. Use a separate paper for your poem.

## WHAT'S MORE

Below is an example of Non-Fiction. This is just an introduction of the essay but the content of the introduction is sufficient of information needed for you to create another genre out of it. Read the selection carefully.

***FEELING ABNORMAL IN THE NEW NORMAL IS NORMAL***
*By Buboy Aguay*

*When my sister graduated With Highest Honors and her neck almost hid from several medals she earned from her senior years, I promised myself that I will also earn the same since I was graduating then from 10th grade and I will be in Senior High starting school year 2020-2021. I planned to run for Supreme Student Government, get active in theater and dance, volunteer for community immersions and service to the poor and above all tops my batchmate academically.*


*Then CORONA Virus pandemic emerged. Lockdowns were left and right. Travel restrictions were highly implemented. Studying transitioned from usual to distant and online. Social gathering and physical activities were prohibited. Every face starting to hide behind face mask and face shields and periodic handwashing and disinfecting become a required habit. All these unexpected features of this pandemic were forced to us to believe that this is the 'new normal'. I willed my thoughts that this will be brief—that we will return to old setting in no time. I was wrong. The pandemic is over two years now. I have not experienced going upstage during the Moving Ceremony in Grade 10 and I am destined to miss the stage again this Senior Year graduation. Can you imagine how hard this is?*

*Strong words reveberate in the online movies saying 'it's okay not to be okay' and 'feeling abnormal in the new normal is normal'.*

*I have to discover a coping mechanism that will free me from the thought that the new normal is abnormal.*

## Activity 4. GRAPHIC ORGANIZER

| THEME/MESSAGE | SPEAKER | TIME | PHRASES TO RETAIN |
|---|---|---|---|
| | | | |
| | | | |
| | | | |
| | | | |
| | | | |
| | | | |
| | | | |
| | | | |
| | | | |



## ASSESSMENT

## Assessment 1. NON-FICTION TO SHORT STORY

Instruction: Write a short story out of the essay. Use your Graphic organizer to guide your writing of the short story. Here is the Rubrics for your output.

| | 5 | 4 | 3 | TOTAL |
|---|---|---|---|---|
| **TITLE** | Witty. Catchy. Relevant. | Catchy. Relevant. | Relevant | |
| **ELEMENTS** | All elements are are established. | Some elements are grayish. | Lacking elements. | |
| **HOOK** | The story is creatively written and unpredictable. | The story is crreatively written. | Prredictable. | |
| **GRAMMAR** | No error | With 1-2 errors. | With 3 and more errors. | |
| **PUNCTUATION** | No error | With 1-2 errors. | With 3 and more errors. | |

## Assessment 2. NON-FICTION TO POETRY

Instruction: Write a poem with meter and rhyme out of the essay. Use your Graphic organizer to guide your writing of the poem. Here is the Rubrics for your output.

| | 5 | 4 | 3 | TOTAL |
|---|---|---|---|---|
| **TITLE** | Witty. Catchy. Relevant. | Catchy. Relevant. | Relevant | |
| **ELEMENTS** | All elements are are established. | Some elements are grayish. | Lacking elements. | |
| **NARRATIVE** | Very consistent to the essay. | Consistent to the essay. | Somewhat consiistent to the essay | |
| **GRAMMAR** | No error | With 1-2 errors. | With 3 and more errors. | |
| **RHYME & METER** | No error | With 1-2 errors. | With 3 and more errors. | |



## WHAT I HAVE LEARNED

Complete the following sentences:

I have learned that…

______________________________________________

I realized that…

## Lesson 2- Writing a Book -Week 5-8

After undergoing the lessons, discussion and writing activities for 3 quarters, you are now ready to write your own single authored book of different literary genres.


At the end of this lesson the student is expected to:

1. create his/her original literary works



### WHAT I CAN DO

This part of the lesson the writing phase of each student.



### ADDITIONAL ACTIVITIES

Read the following literary genres:

**FICTION**

***Basketbol na Bago***
*Ni Buboy Aguay*

*Nagsisimula talaga lagi ang pasko sa bahay kapag tapos na ang Undas. Diyan ako magsisimulang magbukas ng mga nakabalot na mga Christmas Décor mula sa mga nakatambak na karton sa bodega.*

*Pinipili ang mga pwede pang maisabit na palamuti ng pasko tulad ng mga makukulay na bola, mga padikit ng imahe ni Santa Claus, mga kadenang foil, mga anghel, at inilalagay ko naman sa isang karton ang mga dapat nang itapon at palitan ng bago. Pero dahil sa kulang na kulang ang kakarampot na sweldo sa konstruksyon ng asawa kung si Lando at napakatumal ng benta sa maliit na sari-sari store ko na parang isang barung-barong na ikinabit sa harapan ng dingding ng bahay namin, ang mga dapat sanang itatapon ng mga Christmas décor ay muling ilalabas sa karton at kukumbinsihin ko ang aking pitong taong gulang na anak na si Miguel na pwede pa ang mga ito.*

*Kailangang ipantabi ng pambili ng regalo ang anak ko. Kailangan iyong bago. Sari-saring kulay ng holen ang hiling niya kay Santa Claus na sa paglipas ng panahon, tulad ng ibang mga bata ay matutuklasang ang kanilang mga nanay o tatay ang kinatawan ni Santa. Holen uli sa sunod na taon at sa mga sumunod pa.*

*Hindi ko alam kung saan napupunta ang ilang maliliit na kahon ng holen na binabalot ko ng mumurahing pambalot ng regalo na may disenyong pang-Krismas.*

*Nawawala raw ang mga holen. Ang iba ay nahuhulog sa kanal, minsan sa basurahan o kaya naman ay tumapon sa madamong palaruan at hindi na mahanap. Siyempre kasama na ang mga ipinammimigay ni Miguel sa kanyang mga kalaro kaya bago dumating ang sunod na Pasko, ubos na ang holen at muli na namang ihihiling kay Santa na ito uli ang regalo sa kanya.*

*Noon iyon, limang taon na ang nakararaan mula nang suungin ko ang pagiging kasambahay sa abroad dahil sa aksidenteng sinapit ni Bernardo sa konstruksiyon.*

*Nabali ang isa niyang paa at hindi na muling maibabalik sa dati. Kaya kinailangan kong makipagsapalaran sa labas ng bansa. Iniinda ang walang kaparang lungkoot at pangungulila sa aking asawa at higit sa kaisa-isa kong anak na si Miguel.*

*Labing-apat na taong gulang na siya ngayon at nitong Nobyembre ay pinaghandaan ko na talaga ang ireregalo ko sa aking mag-ama. Isang matibay na scratches kay Bernardo at isang basketbol na bago naman kay Miguel.*

*Bagama't holen pa rin ang lagi niyang hiling na regalo kahit tinedyer na siya, nais kong espeyal ngayong Pasko ang regalo ko sa kanya. Alam ko magugulat siya dahil wala siyang ideya na maaga kong ipinadala ang regalo ko sa kanya at ang sabi ko kay*

*Bernardo, huwag ng hintayin ang pasko. Buksan na kaagad ito at nang magamit niya sa paglalaro.*

*Kuwento kasi ng asawa ko minsan sa isa naming video call ay nahihilig si Miguel sa paglalaro ng basketbol dahil sa edad nitong trese pihadong mas matangkad na sa kanyang tatay.*

*Ang ipinagtataka ko lamang ay hindi niya napaglipasan ang paglalaro ng holen kasi ito pa rin ang lagi niyang hiling. Wika naman ng asawa ko ay hindi na naman niya nakikitang maglaro ng holen si Miguel.*

*Alam ko isa sa mga araw na ito, di pa man sumasapit ang pasko ay nasa kanya na ang regalo. Ay, naku nagriring ang cellphone ko, sino kaya ito? Ay, si Bernardo! Ang asawa ko! O, Hello, asawa ko kumusta? Naku, talagang maaga kong pinadala sainyo ang aking pamasko para magamit na kaagad. Si Miguel, binuksan na ba ang regalo ko? Hindi mo nakitang binuksan? Eh di sinilip mo sana sa kanyang kuwarto? Nasaan ba siya ngayon? Gusto kong makausap ang aking anak. Wala? Nagbsketbol? Eh, gamit ba niya ang pinadala kong original at bagong basketbol?*

*Naku naman Bernardo, pati iyan ay hindi mo napapansin. Siya, sabihin mo kay Miguel na tumawag siya sa akin bago man lang magpasko. Miss na mis ko na ang anak ko. Miss na mis ko na kayo.*

*Pasko na sa susunod na linggo. Hanggang ngayon, hindi pa rin tumatawag ang aking anak. Kapag ako naman ay tumatawag ay laging wala kung hindi tulog. Miss na miss ko na ang anak ko. Naku, mapapagalitan ko iyon kapag nagkausap kami. Aba, hindi biro ang ginawa kong pag-iipon ng pambili ng basketbol na bago para balewalain niya lamang nang ganon-ganon! Talagang mapagsasabihan ko ang batang iyon, makikita niya!*

*“Marie, are you talking to yourself? I got here a package for you. This arrived this morning and I think it’s from the Philippines.”*

*“Ha? For me, Ma’am? T-thank you.”*

*Kanino kaya galing ito….mabuksan nga!*

*Magpapasko, mugtong-mugto ang mga mata ko sa kaiiyak. Di ko mapigilan ang mga luhang pumatak nang makita kong ang laman ng package ay ang basketbol bagong regalo ko kay Miguel, ang surpresa ko sa anak ko ay ako ang nasurpresa. At higit sa lahat, ang nagpaiyak talaga sa akin ay ang kalakip na sulat na galing sa anak ko. Sabi niya, Mahal kong Nanay, Salamat po sa regalong padala ninyo pero ibinabalik ko po ito. Holen na lang uli po ang iregalo ninyo sa akin. Noon pa man, hindi ko po binabago ang hiling kong regalo kay Santa Claus dahil iyon po ang alam kong magaan sainyo dahil taghirap po tayo pero masaya dahil magkakasama. Hindi ko po kailangan ang basketbl na bago, Nay. Kayo po ang kailangan ko. Uwi na kayo Nay. Nagmamahal, Miguel.*

*Wakas*

***Huling Halaman sa Isla Maharlika***
*Ni Buboy Aguay*

*Naubos na ang lahat ng puno sa Isla Maharlika. Kagagawan ito ni Maskara-Taba at Maskara-Tangkad. Nangako sila na gaganda ang lugar dahil sa teknolohiya. Ngunit naubos ang puno at nagkaroon ng polusyon. Kaya maraming nagkakasakit dahil sa dumi ng hangin.*

*Si Henyo na lamang ang pag-asa. Dahil sa isang bakanteng paso ay tumubo ang huling halaman sa isla na kung tawagin ay Pinili--maliit na halaman na walang dahon. May siyam na bunga at mahihinog sa loob ng isang araw. Kailangang maitanim sabay-sabay, hiwa-hiwalay sa munting hukay na may tubig. Handa nang itanim ang mga bunga nito kapag nagkulay pula na ito. Kapag hindi ito naitanim wala ng halaman sa Isla Maharlika.*

*Isang umaga, nagulat si Henyo. Iitinakbo niya sa labas ang halaman patungo sa burol kung saan dating may gubat.*

*"Haring Itlog! Bangus Bungisngis! "ang paulit ulit na sigaw ni Henyo.*

*"Henyo, bakit mo kami tinatawag?" biglang sumulpot sa gawing likuran si Haring Itlog at ang mga alagad nitong si Bilog-Taba, Bilog-Liit, Oblong-Laki, at Oblong-Payat.*

*"Ahihihihi, Kakatuwa ka naman Henyo at may surpresang dalaw ka pa sa amin hihihihi." Mabungisngis na sabi ni Bangus Bungisngis na pumipisag-pisag pa sa hangin ang kanyang buntot habang papilig-pilig ang ulong may mahabang ilong.*

*"Hindi ito surpresang dalaw. Tulungan ninyo ako. Tingnan ninyo itong hawak kong paso!"*

*"Nabibitak na!" sabay –sabay na sabi ni Haring Itlog at ng kanyang mga alagad.*
*"Hindi iyan!" ika ni Henyo.*

*"Ahihihihi,ang tipak nilaghyan ng band aid! Ang kyut kyut!. Ahihihihi." Masigla namang wika ni Bangus Bungisngis.*

*" Ang halaman. Ang Pinili. Tingnan ninyo, mapula na ang kanyang mga bunga!" nag-aalalang sabi ni Henyo.*

*Namulagat ang mga mata ng mga kaibigan.*

*"Naku! Kailangang maitanim iyan nga sabay sabay at hiwahiwalay. Pag hindi, wala ni isang tutubo," Babala ni Haring Itlog .*

*"Ahihihiihi, sabay-sabay? Hiwa-hiwalay? Paano? Siyam iyan, eh. Pito lamang tayo. Kulang tayo ng dalawa. Ahihihihi."*

*Napakamot sa ulo si Henyo.*

*"Hihingi ako  ng tulong sa bayan." Sabi ni Henyo.*

*"Wala ng panahon. Ilang sandali na lamang ay matatanggal na sa tangkay ang mga bunga.*

*Lalong nalungkot si Henyo.*

*"Ahihihihi, wag na kayong mag-alalala. Ako ang magtuturo kung saan ang lugar na iyon. Mararamdaman ko kung saan lupa ang may tubig agad kunting hukay pa lang.*

*Nakarinig ang mga ito ng kaluskos sa mga pungo ng pinutol na kahoy.*

*"Sino yan?" sabay- sabay na tanong nila.*

*Mula sa pagkakatago ay lumitaw si Maskara-Taba at Maskara-Tangkad.*

*"Anong pinagkakaguluhan ninyo?" sabi ni Maskara-Taba na hingal na hingal kahit sa pagtayo pa lang.*

*"Ang huling halaman,Taba! Ang Pinili!" bulalas ni Maskara-Tangkad.*

*"OA, ka Tangkad Ha! Nakikita na natin yan kanina." Wika naman ni Maskara-Taba.*

*"Kanina pa kayo riyan?"*

*" Oo, at narinig namin ang pinag-uusapan ninyo. Kailangan ninyo ng aming tulong."*

*"Ha? A, eh. Mag-uusap-usap muna kami." Sabi ni Henyo.*

*"Sige. Mag-uusap din kami ni Tangkad." Sabi naman ni Maskara-Taba.*

*Lumayo nang kaunti sina Henyo para mag-usap. Nagbubulungan din si Maskara-Taba at Maskara-Tangkad.*

*"Alam ko may masama silang binabalak. Kaya nila tayo tutulungan para alam nila kung saan nating itatanim nag Pinili. Pagkatapos ay ipapuputol nila katulad nang nangyari sa kagubatan." Sabi ni Haring Itlog.*

*"Ahihihi, eh di wala ring mangyayari kahit maitanim natin ang mga bunga. Ahihihihi" wika ni Bangus-Bungisngis.*

*"May naisip ako." Sabi ni Henyo at may ibinulong siya sa mga kasamahan na siyang ikinatuwa ng mga ito.*

*Samantala, sina Maskara-Tangkad at Maskara-Taba, tulad ng dati nilang plano. Tutulungan nilang maitanim ang huling halaman para alam nila kung saan ito puputulin.*

*Mabilis na kumilos ang lahat. Nakiramdam si Bangus-Bungisngis sa lupang dinadaanan nila upang mahanap ang matubig na lugar. Ilang sandali pa ay huminto si*

*Bangus-Bungisngis. Gumuhit siya ng bilog sa lupa sa pamamagitan ni Haring Itlog at mga alagad nito na nakakorteng bilog sa lupa. Matapos mabilugan mabilis na tumalon ang mga alagad ni Haring Itlog pauulit ulit para magkabutas ang lupa at sa hukay na nalikha ay lumitaw ang tubig. Mabilis na kumuha ng tig-iisang bunga ang mga ito.*

*Nakaposisyon sa labas ng bilog ang magkakaibigan. Samantalang si Maskara-Taba at Maskara-Tangkad ay nagpapaunahan sa loob ng bilog.*

*"Pagbilang ko ng tatlo, sabay-sabay nating ihuhulog ang bunga sa mga munting hukay sa tapat ninyo," sabi ni Henyo.*

*"Isa, dalawa, tatlo!"*

*Biglang yumanig ang lupa. Tumubo ang mga bunga sa isang iglap. Naging siyam na dambuhalang mga puno. Dahil sa laki ng katawan ng mga ito, nakulong sa gitna si Maskara-Taba at Maskara-Tangkad. Hindi na sila muling makakapaminsala.*

*Nagsimula nang mahulog ang mga buto ng Pinili at inilipad ng hangin patungo sa iba't ibang direksyon ng isla. Nagsimulang yumabong ang gubat. Dumaloy ang tubig sa mga ugat ng puno at naging sapa. Doon humimlay ang mga bato sa gilid ng sapa. Masayang tumalon si Bangus Bungisngis sa tubig at muli itong naging isda. Si Haring Itlog naman ay iniakyat ni Henyo sa isang puno at ginawan ng pugad. Pinagmasdan ni Henyo ang unti-unting pagpisa ng itlog at iniluwal ang isang makulay na ibon.*

*Mula sa burol, tanaw na tanaw ni Henyo ang bunga ng hiwaga ng huling halaman ng Isla Maharlika.*

## POETRY

***Di pumpon ng bulaklak ang burda saiyong daster***
*Ni Buboy Aguay*

*Mga sugat itong sinulsi*
*ng pinakamalaking karayom*
*ng lola. Nakasilid sa isang tampipi*
*kasama ng pugot na ulo ni Rizal,*
*kalawanging itak ni Bonifacio,*
*huling damit na suot ni Crispin,*
*at lampara ni Simoun na hindi sumabog.*
*Lahat nang ito ay nakasilid doon*
*sa tampipi ng kalansay na ang dibdib*
*ay tusok pa ng balaraw ni Elias.*
*Sa labas ng lumang silid,pinagsasayaw*
*ng tinikling ang mga bisitasa saliw*
*ng batas militar.Napakabaduy*
*ng pagkakaareglo pero aliw na aliw*
*ang pangulo. Panay ang tungga*
*ng syoktong; pulutan nila'y sitsaron;*
*laman-loob ng mga na-tokhang.*

**_Amorseko_**
*Ni Buboy Aguay*

*Kumapit ka sa laylayan ng aking pantalon*
*magsawa ka tsinelas sa pabago-bagong kulay ng lupa*
*bagtasin mo ang mga hangganan ng syudad*
*tuntunin mo ang sinulid na daang masukal*
*kapit lang, kapit lang mga damo't bulaklak na ligaw*
*dadalhin kita sa pusod ng inang bayan.*

**_Basnig_**
*Ni Buboy Aguay*

*Walang pananabang ang gutom ng lambat*
*Salabay, bangkulis, sapsap at alimasag.*

*Kanilang kauring nagsipagtampisaw*
*Pananaob ng dagat walang pakundangan.*

*Pagka nahiraya sa pain ng basnig*
*Di na makahindi sa pagmamalupit*

*Paghunos ng dagat sa kanyang pagbihis*
*Mahina't malakas sisiluing pilit.*

*Ang minanang kintab nitong yamang dagat*
*Sisinghap-singhap na't kukulimlim agad.*

*Banye-banyerang huli iaangkat nila*
*Sa mga dayuha't sagana sa kuwalta.*

*Tanging maiiwan sa uring alipin*
*Nangangalumatang payat na ayungin.*

**_Balogbogan_**
*Ni Buboy Aguay*

*Sumpa ang balogbogan*[1] *sa mga dalag*
*Na nahuli kagabi ng silo at lambat*
*Anumang lakas ng gibsaw*[2] *at pasag*
*Di rin umubra sa pangil ng salakab.*

*Kasama ng kapwa sa hawlang kawayan*
*Malapot na pawis pipigain sa katawan*
*Upang protektahan ang sariling buhay*
*Sa tahanang bubon ngayo'y nahiwalay.*

*Ito rin marahil ang pinaghahandaan*
*Buo-buong isda nilamo't nasa tiyan*
*Baon-bao't baka mahuli ninoman*
*Di magugutom sa balogbogan.*

*Magbababakasakaling sa pagkakamali*
*Ang humuling ganid makalas ang pisi*
*Huling-huling pulag*[3] *sa lakas at liksi*
*Lumaya sa balogbogan ng mga imbi.*

[1] *Salitang Bikolano, bubo*
[2] *Salitang Bikolan, talon paitaas ng isda*
[3] *Salitang Bikolano, pasag*

**Pahimakas ng Liwanag**
*Ni Buboy Aguay*

Pumanaw na sa dulo ng mga uhay
ang huling hibla ng kanluran;
nakamasid ang mga maya
sa pananakop, pananakot ng dilim;
hinahalukay ang balahibong nais
iwaksi, iwisik ang kapit ng maghapon;
kumikislot ang mga dalag sa putik
sa unang haplos ng pagbibihis
ng ligamgam at hahampasin
ng buntot ang panlalamig
ng paligid. Ilang sandali pa,
mamimintana na ang mga bituin
sa mga lusak kung saan umugat
ang binti ng maykapal ng tumana
na ngayon ay nakikibaka sa mga pangitain.

**Magsasaka ng utak**
*Ni Buboy Aguay*

Ang nagtatanim ay hindi nananatiling babad

sa putik ang kanyang mga binti,
pagkatapos ng paghahasik ng binhi
nililisan niya ito upang

makipagbuno sa unos;
mananggalang sa init ng araw
tumiklop ng dahon, pigain ang langit
sa panalangin ng ulan. Hahayaan
ang mga ibong tanggalin ang mga uod
ilipat ang mahika ng bulaklak nitong bubuyog
paglumitaw ang bunga, nagmanibalang, nahinog

saka lamang babalik  ang nagtanim upang anihin
ang kakarampot niyang hiling, ginto nga ang putik at hindi alipin.

***Lucem et pacem***
*Ni Buboy Aguay*

*Umuwi akong nakayuko*
*ang mga poste sa lansangan*
*at hindi umaandar*
*ang jeep na sinakyan ko*
*dahil nagkapaa ang kalsada*
*at tumakbo itong salungat*
*sa mga kamay ng orasan.*

*Bawat madaanang simbahan*
*ay humuhudyat ng orasyon*
*tudlain kaming mga pasahero*
*ng mga pinatulis na kurus.*

*Bawat umibis na pasahero*
*ay ipinagtutulos ng kandila*
*ng tsuper na nakaduyan*
*sa kanyang konsyensiya.*

*Lahat kami ay nakauwi*
*nang maluwalhati nang gabing iyon--*
*pikit na pikit ang mga mata,*
*pantay na pantay ang mga paa.*

***Sa tagumpay***
*Ni Buboy Aguay*

*Wala akong tangang armas*
*sa panahon ng tag-ani*
*kundi itong dating kalawanging karit*
*na pinatalas ng dayami.*

*Wala akong tangang rangya para lumikha*
*ng grandyosong tunog pagdatal ng tagumpay*
*kundi itong dating kalawanging martilyong*
*dadagundong na pinakintab ng kahirapan.*

*Wala akong tangang yaman*
*o maipagmamalaki sa pagdating ng tag-ani*
*kundi itong mag-anak kong lalaya na't di na api.*

*Sa araw na iyon walang gintong mananaig,*
*ni pulpito'y walang bisang ihahasik*
*ang tanging boses at siyang maririnig*
*mga tala ng kasaysayang inaawit.*

***Darating din ang tag-ani***
*Ni Buboy Aguay*

*Ihanda ang gata, asyab at karit;*
*maging ang kalawangi't mapupurol.*
*Hahasain na lamang sila ng dayami*
*sa pagsanggot nang paulit-ulit*
*sa tangkay ng mga gintong butil*
*na pinananabikang maging atin.*
*Samantalang tayo ang nagpagal*
*bukangliwayway hanggang takipsilim,*
*tag-ani'y sagana pa ng hilahil.*

***Teargas***
*Ni Buboy Aguay*

*Nilubid na tradisyon itong panunubig ng mata*
*na dati'y binuburda lamang sa lutuan. Gamit*
*ang basang panggatong na lumikha ng anino*

*ng mapait na usok na tila karayom na tumutusok*
*sa paninging pinalabo ng gutom o ginutom*
*ng nabubulag na pag-asang umahon*
*sa kumunoy na nilikha ng butas na bubong;*
*nagmumurang sikmura o pamimintana ng pinggan;*
*pag-abang sa pagkaing hinahanap pa sa kalsada;*
*prusisyong paglulubid ng barya sa bulsa;*
*may panganib na humantong sa simbahan*
*at pipigain ng saklaan ang pantay na mga paa.*
*Ang pag-ahon sa pusali ay pagmartsa sa kalsada*
*na may harang na alambre o bumbero at batuta;*
*tradisyong inugat na sa lansangan*
*ang mga butil ng bigas na pinangarap maiuwi*
*sa ulilang kaldero ng kusina.Kaya titiisin*
*ang mapait na usok mula sa panggatong na basa;*
*na kaninang sa teargas at Molotov, dumugo ang mga mata.*

***Fund run***
*Ni Buboy Aguay*

*May nakita akong parada ng mga traysikel, walo.*
*Puno ng mga tao. Ang mga bata ay nasa topload*
*at nagtuturuan ng mga nadadaanang mapapansin.*
*Ang mga ale ay naghuhuntahan. Nakasunod ang*
*mga traysikel sa tatlong dyip na puno rin ng tao*
*na may kani-kaniya ring kuwento sa buhay. Ang*
*mga dyip ay nakasunod sa mga taong naglalakad.*
*Ang mga babaeng nakapayong ay nag-iisip yata*
*ng ulam mamaya, taya sa lotto at kabit ng asawa.*
*Ang pinakaunahan ng mga tao ay nagtatawanan*
*at ang iba'y nahihiya sa pagngiti kaya tinatakpan*
*ang bibig ng pamaypay o di kaya ng panyolito.*
*Naipit pala sila sa gitna at nasa unahan nila ang*
*isang mabagal na sasakyan na minamaneho ng*
*bagot na bagot na tsuper. Sa loob ng kabaong*
*pag may lubak, umiiling-iling ang ulo ng patay*
*na dating aktibo sa mga patimpalak at fund run.*
*Hinding-hindi ito ang pangarap niyang finish line.*

***Mobile Legends, atbp: Kadenang Bulawan***
*Ni Buboy Aguay*

*Pinipintuho kong ML ay paalam,*
*Larong iniirog halos buong araw,*
*Sadyang mahalaga na ika'y iwanan,*
*Ang pakikisangkot iyong pinapanaw.*

*Nasayang na oras sa iyo'y idinulot*
*ang lanta kong buhay lalo pang nalungkot;*
*maging maringal man at labis ang alindog*
*ang kagalingan mo ay akin ding suklob.*

*Sa pakikidigma at pamimiyapis*
*ang alay ng iba'y ang buhay na kipkip,*
*walang agam-agam, maluwag sa dibdib,*
*matamis sa puso't di ikahahapis.*

*Saan man mautas ay di kailangan,*
*cipres man o laurel, lirio ma'y putungan*
*pakikipaghamok, at ang bibitayan,*
*yaon ay alay din kung hiling ng Bayan.*

*Ako'y mamamatay, ngayong namamalas*
*na sa Silanganan ay namamanaag*
*yaong maligayang araw na sisikat*
*sa likod ng luksang nagtabing na ulap.*

*Ang kulay na pula kung kinakailangan*
*Ibig maitina sa iyong liwayway,*
*dugo ko'y isaboy at siyang ikikinang*
*ng kislap ng iyong maningning na ilaw.*

*Paalam na ML, paalam adiksyon*
*Mula kalunsuran susuong sa nayon*
*At mahuhumaling sa taglay na layon*
*Magsilbi sa api't di sa panginoon.*

*Nasayang na oras sa mga computer games*
*Sa mga magsasaka ay makikitanim*
*Binhi ng paglaya sa pagkaalipin*
*Imumulat ang mata ng iba'y gayundin.*

*Mga gadgets kung saan ako nahumaling*
*Sa mga mangagawa patulong baklasin*
*Silang tagahubog ng gintong layunin*
*Babangon sa bayan sa pagkagupiling.*

*Hiraya ng mundo at modernisasyon*

*Mga tunggalian ng pwersa't bendisyon*
*Dulot na apathy ay pamatay na lason*
*Sa mga kabataa't bagong henerasyon.*

*Pag hindi nagising sa mga comfort zones*
*Iwing bayang sawi kailan pa babangon?*
*Kung dapat magmana ng kabayanihan*
*Alipin na nyaring kadenang bulawan.*

## SCRIPT FOR STAGE

**SKATES**
(Dulang May Isang Yugto)
*Ni Buboy Aguay*

**BUOD:**
"Pumanig ka, pumanig ka. Huwag ng ipagpaliban pa; and di makapagpasya ay maiipit sa gitna." ---Joey Ayala

Ang skates ni Mang Manny ang nag-iisang masasakyan palabas ng baryo tuwing umaga at habang hinihintay ang anak na si John na sasali sa parada sa Independence Day Celebration ay nagsidatingan na ang iba pang pasahero. Sinusuhulan siya ng negosyanteng si Mr. George na arkilahin ang sasakyan. Hindi papayag si Mang Manny hanggang sa magkagulo dahil sa sabwatan nina Kagawad Kaloy, PO2 Paco at Mr. George laban sa pinaghihinalaang Estranghero na ipagtatanggol naman ng iba pang mga pasahero.

Masaya ang buhay na hahaluan ng kaguluhan; magkakaisa sa isang banda ngunit lilitaw at lilitaw sa kuwento ang paghahanap ng papanigan, parang salamin ng ating bansa.

**MGA TAUHAN**
**MANG MANNY**, 40, kayumanggi, payat, driver ng skates, Inglesero
**PINANG**, 40, payat, tahimik, pipi, may diperensiya ang pag-iisip, pasahero
**MR. GEORGE**, 40, mataba, maputi, aristokrato, negosyante, pasahero
**ALING ANING**, 30, mababa, kayumanggi, malakas na matinis ang boses, tindera, pasahero
**JOHN,** 15, kayumanggi, estudyante, anak ng driver ng skates
**ESTRANGHERO**, 40, payat, kayumanggi, tahimik, malalim ang iniisip, pasahero
**MS. CHONA,** 30, buntis, madaldal, maldita, pasahero
**BADONG,** 25, maarte, bading, magaslaw, malaki ang boses, malaki ang katawan, pasahero
**KGD. KALOY**, 50, trapo, pasahero
**PO2 PACO**, 40, mabalasik, pasahero

**TAGPUAN**
Liblib na baryo ng Libmanan, Camarines Sur. Taon 2015.

*Sa pagbubukas ng ilaw ay makikita ang isang riles at skates (improbisadong sasakyan sa riles), si MANG MANNY,ang driver, makikitang sinisipat ang kundisyon ng kanyang sasakyan. Nagmamadaling papasok si MR. GEORGE.*

**MR. GEORGE**
Tara, Manong. Paandarin mo na!

**MANG MANNY**
Mamayang alas siyete pa ang alis nito.

**MR. GEORGE**
Bakit?

**MANG MANNY**
You are not the only passenger ng biyaheng 'to!

**MR. GEORGE**
Ako na ang bahala. Babayaran ko na ang pamasahe ng iba pang pasahero maihatid mo lang ako sa labasan. May isasara akong deal sa isang business meeting.
Maabala ang pag-unlad ng Pilipinas.

**MANG MANNY**
Hindi maari. Kung gusto niyo you can start walking-walking.

**MR. GEORGE**
Nasaan ba ang iba pang bumibyaheng skates dito?

**MANG MANNY**
Mag isa lang ako here! Only me. Da wan en onli biyahe to da bukana ng city.

*(Magpapakita ng pagkainis ang negosyante. Titingin sa relo. Maghahanap ng signal ng cp. Darating si PINANG, nakaputi. Pinong-pino ang galaw. Mauupo sa ibabaw ng bangko sa skates. Ngingiti habang pormal na naghintay.Walang mahanap na signal si Mr. George. Tingin sa relo uli. Mapapansin ang dumating na pasahero.)*

**MR. GEORGE**
Oy Miss, gusto mo hati tayo sa pamasahe para i-byahe na niya tayo? Nagmamadali ka rin ba?

*(Hindi kikibo si Pinang.)*

**MR. GEORGE**
Ganito na lang. Ako na ang magbabayad sabihin mo lang ilarga na tayo ng driver.

**PINANG**
Hahahahahaha!

*(Mahahalata ng negosyante na may diperensiya ang babae. Isesenyas sa audience na may sira ang tuktok. Lalayo ito. Papasok ang tinderang si ALING ANING).*

**ALING ANING**
Itlog mo manay oraaaaaaaange! Itlog mo manoy oraaaaaaaange.

*Sadyang pinahahaba at pinaiikot-ikot ang pagbigkas*

(Kay Mr. George) Bibili ka ba?

*(Iisnabin. Ilalapag ng tindera ang paninda sa skates. Mangungulit ang tindera sa mga naghihintay na pasahero. Papasok naman si BADONG kasunod ang may buhat-buhat na bayong at malaking karton na isang ESTRANGHERO).*

**BADONG**
Mabuti na lang at naabutan ko pa ang biyahe palabas.

**ESTRANGHERO**
O saan ko ba ilalapag ito?

**BADONG**
Naku. Maraming salamat pogi. Diyan na lang.

**ALING ANING**
Bakit ang dami mong dala?

**BADONG**
Ay teh, may beauty contest mamaya sa plaza. Rarampa akesh! Patalbogan toh ng kagandahan! At hindi tayo mahuhuli at pahuhuli. Itatayo natin ang lahi ni Margie Moran, Pia Wurtzback at …

**ALING ANING**
Lipstick, meron ka? Meron ako, mura lang. Teka ha…

**BADONG**
*(Bubuksan ang karton at ilalabas ang mga costume)* Naku Tita ha, ang galing ng segue mo teh. Raket yan noh? Oh, ano, ha. Aminin. Naku wag ako teh, madami akong ganyan.

**MR. GEORGE**
Anong oras ba aalis ang sasakyang to?

**PINANG**
Hahahahahaha! *(makiki-usyuso si Pinang sa mga costume ni Badong)*

*(Papasok si MS. CHONA. Magtitinginan ang mga tao.)*

**MS. CHONA**
Anong pinagtitinginan ninyo? Pinagtsitsismisan n'yo na naman ako? Oo buntis ako.

**ALING ANING**
Tsupon mam. Baka di ka pa nakakabili. Bilang paghahanda. Sa akin ka na umorder.

**MS. CHONA**
Di na uso iyan. Breastfeeding na ang uso ngayon. Batas na ang reproductive health. Pati first 1000 days. Hoy bakla, kung makatingin ka akala mo naman ang linis-linis mo!

**BADONG**

E kasi naman Mam, kayo ang nagtuturo ng kagandahang asal hindi ba? Nakapagtataka lang na ang sungit-sungit mo. Tapos ngayon buntis ka pa samantalang wala ka namang asawa.
Ay! Ang linis-linis ko ngah!

**MR. GEORGE**
Anong oras na!?

**ALING ANING**
Hopia, mani, popcoooooooorn! Penoy, balut may kasamang asiiiiiiiiiiin. Itlog mo manoy oraaaaaaaaaange. Orange kayo diyaaaaaaaaan.

**MS. CHONA**
Oo nabuntis ako. Kasalanan ko ba kung hindi ako pinakasalan ng boyfriend ko? Nagtiwala, tumihaya kaya ngayon ayan, may minanang bata. Bakit pag titser hindi na pwedeng magkamali?

*Papasok si KGD. KALOY, grandyuso at bilang na bilang ang galaw.*

**KGD. KALOY**
Mga kababayan. Maraming salamat sa inyong suporta sa akin noong nakaraang eleksyon!

**ALING ANING**
Kagawad, kagawad! Hindi man lang ako naabot ng ipinamigay mong pera na nakaipit sa balota! Paano ba yan, beke nemen!

**KGD. KALOY**
Sssshhh... baka marinig kayo niyan Aling Aning, dahan-dahan sa pagbibintang. Hindi po ako namimili ng boto. Tumutulong lamang po. *(Pabulong kay Aling Aning)* Simplehan mo lang ang paglapit sa akin mamaya.

*Kakamayan ang mga tao.*

**PINANG**
Hahahahaha!

**ALING ANING**
Hopia, mani, popcoooooooooorn. Balut, penoy may kasamang asiiiiiiiin. Balikutsang makunat bilhin n'yo na kasama ng libreng kagawaaaaaaaaaaaaad.

**KGD. KALOY**
Huwag po kayong magpapaniwala sa sabi-sabing may dayaan noong nakaraang eleksyon. Talagang ganyan ang sasabihin ng mga natalo. Diskarte lamang iyan, itanong n'yo pa kay tsip. Asan si PO2 Paco? Wala pa ba?

*Papasok ang si PO2 PACO.*

**PO2 PACO**
Wala akong kinalaman diyan. Kararating ko lang.

*Susuriin ng pulis ang mga tao sa paligid na tila may pinaghihinalaan na kung ano. Ang pulis at police dog ay iisa lang sa stage.*

**MR. GEORGE**
Tsip, baka magawan mo naman ng paraan na makaalis na tayo. Ako'ng bahala sa iyo. Halika.

*Aalukin ang pulis sa isang tabi. Mag uusap ang dalawa. Na parang minumuwestra na magbabayad siya ng malaki lumarga lamang ang skates papuntang labasan.*

**MS. CHONA**
Anong gimik yan? Ba't ang dami mong bitbit bakla?

**BADONG**
Dyaraaaaaaan! Oh Mam, anong masasabi n'yo sa gown ko, oh, oh, pak, pak! Di ba? Di ba? *(Mapapansin si Pinang na hawak ang tatlong telang kulay pula, asul at dilaw)* Gusto mo ba yan Pinang? Sige saiyo na.

**PINANG**
Hahahahahaha *(Ikakabit ni Pinang ang mga tela sa kanyang baywang).*

**MS. CHONA**
Patingin! Baklang toh! Ang gara ng gown mo! Saan ba ang rampa?!

**BADONG**
Saan pa eh di sa bayan. Independence day celebration teh. Para bongga daw ang celebration, may pa-Beauty contest si Mayor!

**MS. CHONA**
Ay, sige sige, sample naman diyan.

*Sasang-ayon ang lahat na magbigay ng sample si Badong.*

**BADONG**
Naku, ayoko nakakahiya sa mga tao. Baka sabihin adelantada ako. Kiringking at walang delikadesa pati sa riles ay nagrarampa. At baka mapagkamalan pa akong loka-loka. Ayoko teh. Pero on second thought! *(Pipindutin ang bluetooth speaker at papailanlang ang tunog saka sasabyan ng rampa).* Ladies and gentlemen, in front of you is....*(adlib).*

*Rampa uli. Magkakasayahan ang lahat Ang tindera panay ang libot para magtinda.*

**MS. CHONA**
At ano naman ang talent mo teh?

**BADONG**
Ay! Yan. Panalo tayo diyan. Bibirit ito teh! Walang panama sa akin iyang mga biriterang yan. Kagawad, introduction please!

**KGD. KALOY**

Ehem, narito na ang kinatawan ng mga pinagkaitan ng tadhana, mula sa third world Philippines, contestant number 3!

**BADONG**
(Kakanta)

*Makikita naman na kinakausap ng negosyante ang pulis at itinituro ang lalaking may dalang bayong na pormal lang na nakaupo sa skates.*

*Pagkatapos na pagkatapos ng kanta ay biglang poporma at sisigaw ang pulis. Itututok ang baril sa estranghero. Magugulantang ang lahat.*

**PO2 PACO**
Taas ang mga kamay!

**MS. CHONA**
Mamang pulis, huwag naman kayong manggugulat! Mapapaanak ako sainyo eh.

**PO2 PACO**
Ikaw. Ilabas mo ang nasa bayong mo!

**PINANG**
Hahahahahaha

**MR. GEORGE**
Sinasabi ko saiyo tsip, kung hindi iyan adik, pusher yan. At malamang pa sa hindi, ang laman ng bayong niyan ay kontrabando ng druga!

**ALING ANING**
Ano ka ba naman Sir, huwag mong tutukan ng baril ang tao. Pasahero lang iyan dito. Magpalamig nga muna kayo, heto *(lalabas ng zesto)* kinse pesos lang yan.

**KGD. KALOY**
Teka lang teka lang. Hindi ba ninyo ako igagalang? Isa akong public official. Ikaw, ano ba talaga ang laman ng bayong mo?

**BADONG**
Naku! Magkakaputukan! Ayoko pang mamatay! Ayoko pang mamatay!

**ALING ANING**
O heto pampakalma. Condom. Buy one take one yan.

**PO2 PACO**
Taas ang kamay!

**ALING ANING**
Teka lang. Ako ang kukumbinsi sa kanya. *(Lalapitan ang estranghero)* Itaas mo na ang kamay mo manong. Seryoso ang pulis. Itaas mo na. Atin atin lang to. Kaya ba hindi mo maitaas ang kamay mo dahil may putok ka? May solusyon tayo diyan, dyaran! Yan, Rexona!

*(Hindi kikibo ang estranghero pero mahigpit ang hawak nito sa bayong na dala)*

**MR. GEORGE**
Ka malas naman ng biyaheng to. Malulugi ako nito. Tsip, ano na? Kilos! Ang bagal mo naman, kahina-hinala oh!

**MANG MANNY**
Tsip, wala namang precedence iyang ginagawa nyo!

**PO2 PACO**
Anong precedence?
**MANG MANNY**
Pwede kayong gumawa ng ganyan kung may nangyari na malapit sa lugar na ito o sa araw na ito na may kahina-hinalang tao na may kontrabando. Tahimik ang lugar na ito tsip! Peaceful na peaceful.

**PINANG**
Hahahahahaha!

**ALING ANING**
Isa pa sakaling totoo tsip ang hinala mo. Na drug dealer nga yan, sindikato yan tsip. Babalikan ka ng mga iyan. May alam akong nagtitinda ng bullet proof vest. Oorder ka ba? Discounted sir.

**PO2 PACO**
Hindi. Paano kung di siya drug dealer paano kung NPA siya
at tinatago niya diyan ang kanyang baril.

**KGD. KALOY**
Pulis ka ba talaga Sir o manunulat ng iskrip?

**MANG MANNY**
Sakaling totoo man ang sinasabi mo tsip, hindi ba nilalagay mo sa delikado ang buhay mo? Alam mo naman ang mga NPA sa bayan natin ay nagsasakripisyo para sa kapakanan ng mga api. Lalo na sa mga liblib na lugar. Tulad dito. Maraming nagmamalasakit sa mga ganyan. Malay mo, lahat ng mga pasaherong ito ay kampi sa kanya. Delikado!

**PO2 PACO**
Pati ikaw, kampi sa kanila?

**PINANG**
Hahahahahaha!

**MANG MANNY**
Hypothetical question nga Sir!

**MS. CHONA**
Mabuti pa tsip, ibaba mo na yang baril mo. Wala ka namang ebidensiya.
Nininerbyos ako sainyo eh.

**ALING ANING**
Oo nga sir. Ay mam, may stress tab ako dito. Pwede ka ba nito? Mura lang.

**PINANG**
Hahahahahah!

**PO2 PACO**
Pulis ako at kailangan kong tuparin ang aking tungkulin!

**MS. CHONA**
Eh di tuparin mo. Huwag kang manggugulo!

**MANG MANNY**
Maximum tolerance, Sir. Alam mo iyon?

**MR. GEORGE**
Ka malas naman ng byaheng to. Malulugi ako nito. Tsip, ano na. Kilos!
Ang bagal mo naman, kahina-hinala oh!

**PO2 PACO**
Bumaba ka riyan sa skates! Isa!

**BADONG**
Contestant number 1. *(Rarampa)*

**ALING ANING**
Buy one take one!

**PO2 PACO**
Dalawa!

**BADONG**
Contestant number 2! *(Rarampa uli)*

**ALING ANING**
Buy one, take two!

**PO2 PACO**
Tatlo!

**PINANG**
Hahahahahaha!

**BADONG**
That's my number! *(Rampa uli)*

**ALING ANING**
Buy one take three, ano bale? Di ako magpapalugi oy!

*Bubusina ang tren. Biglang magsisitalon ang mga pasahero ng skates dahil sa gulat.*

**MANG MANNY**
Help! Tulungan nyo kong buhatin ang skates.

*Tarantang lalapit ang ilan. Susubukang buhatin ang skates. Mahihirapan.*

**MANG MANNY**
More help!

*Lalapit pa ang iba. Maiaangat ang skates pero hindi nila maalis kaagad. Maibabagsak.*

**MANG MANNY**
More help!

*Lalapit ang lahat maliban kay Badong. Nahihirapan pa rin. Napilitan na ang bading na sumali.*

**BADONG**
Waah, babae po ako!

*Mabubuhat na nila pero hindi malaman kung papunta sa kanan o kaliwa. Magta-tug of war hanggang sa papalakas ang tunog at busina ng parating na tren. Maibabang bigla ang skates at mapapaupo ang mga tao. Magsisimulang magtawanan sa nangyari. Tapos magtutulong-tulong na ibalik ang skates sa ibabaw ng riles. Magtataka ang lahat ng marinig na umiiyak ang tindera.*

**ALING ANING**
Paano na ang kabuhayan ko. Ito lang naman mga panindang ito
ang ikinabubuhay ng pamilya ko.

*Magtutulungan ang lahat para hanapin ang mga natitirang pwede pang itinda.*

**MR. GEORGE**
Huwag ka ng mag alala. Sige na heto. Magdodonate na lang ako ng bente pesos.

**KGD. KALOY**
Ako rin! Bente pesos!

*Lalong lalakasan ang iyak. Para may magbigay pa ng donasyon.*

**ALING ANING**
Ano to? Komersyal ng Cornetto?! Waaaaah!

**JOHN**
Tay! Tay!

**MANG MANNY**
O heto na pala ang pag-asa ng maderland.

**JOHN**
Buti hinintay po ninyo ako. Kung hindi e mahuhuli ako sa parade.

**MANG MANNY**
Ol abord!
*Sa biglang pagtulak ng skates, matitimbuwang sa pagkakatayo si Mr. George, mahuhulog ito. Hahabol.*

**KGD. KALOY**
Teka, maiiwan si Mr. George

*(Tatalon ito pababa habang diredirestso lang ang skates. Tatalon din si PO2 Paco. Hahabol ang tatlo).*

**MR. GEORGE/KGD. KALOY/PO2 PACO**
Hoy, teka lang, hintayin n'yo kami! Hoooooooooooy!

*Freeze ang lahat sa isang tableaux saka unti-unting magdidilim ang tanghalan. Huling mawawalan ng ilaw ang nakataas na kamay ni JOHN na hawak ang bandereta ng Pilipinas.*

**WAKAS**

## REFERENCES


Aguay Jr., Bernardo O., TULAKARATULA, published by Parasurat Bikolnon, Inc., 2021
Aguay Jr., Bernardo O., BALINHAYA SA BAYBAYON, published by Parasurat Bikolnon, Inc. , 2021
Aguay Jr., Bernardo O., HOMO EREKTUS,, published by Hnnabing Salita Publishing House, 2020